

Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 7

Ipagpapatuloy namin ang mensaheng ito upang salitain ang tungkol sa kung paanong gumawa ang tamang desisyon. Pag-aaralan natin si Saul at makikita natin ang ginawa niya at ang pagtanggap niya sa pagsisisi ay nagdulot ng kapahamakan sa kanya at sa mga kasama niya:

“3 Si Samuel nga ay namatay, at pinanaghuyan ng buong Israel at inilibing siya sa Rama, sa makatuwid baga’y sa kaniyang sariling bayan. At pinalayas ni Saul sa lupain, yaong mga nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at ang mga manghuhula. 4 At nagpipisan ang mga Filisteo, at naparoon at humantong sa Sunam: at pinisan ni Saul ang buong Israel, at sila’y humantong sa Gilboa. 5 At nang makita ni Saul ang hukbo ng mga Filisteo, siya’y natakot, at ang kaniyang puso ay nanginig na mainam. 6 At nang magusisa si Saul sa Panginoon, ay hindi siya sinagot ng Panginoon, maging sa panaginip man, ni sa Urim man, ni sa pamamagitan man ng mga propeta. 7 Nang magkagayo’y sinabi ni Saul sa kaniyang mga lingkod, Ihanap ninyo ako ng isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, upang ako’y pumaroon sa kaniya, at magusisa sa kaniya. At sinabi ng kaniyang mga lingkod sa kaniya. Narito, may isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu sa Endor. 8 At hindi napakilala si Saul, at nagsuot ng ibang kasuutan, at naparoon siya at ang dalawang lalake na kasama niya, at sila’y dumating sa babae nang kinagabihan: at kaniyang sinabi, Hulaan mo ako isinasamo ko sa iyo, sa pamamagitan ng sinasanggunian mong espiritu, at iahon mo sa akin sinomang banggitin ko sa iyo. 9 At sinabi ng babae sa kaniya, Narito, iyong nalalaman ang ginawa ni Saul, kung paanong kaniyang inihiwalay yaong mga nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at ang mga manghuhula, sa lupain: bakit nga ipinaglalagay mo ng silo ang aking buhay, upang ipapatay ako? 10 At sumumpa si Saul sa kaniya sa pamamagitan ng Panginoon, na sinasabi, Buhay ang Panginoon, walang parusang mangyayari sa iyo dahil sa bagay na ito. 11 Nang magkagayo’y sinabi ng babae, Sinong iaahon ko sa iyo? At kaniyang sinabi, Iahon mo si Samuel sa akin. 12 At nang makita ng babae si Samuel, ay sumigaw ng malakas na tinig at nagsalita ang babae kay Saul, na sinasabi, Bakit mo ako dinaya? sapagka’t ikaw ay si Saul. 13 At sinabi ng hari sa kaniya, Huwag kang matakot: sapagka’t anong iyong nakikita? At sinabi ng babae kay Saul, Aking nakikita’y isang dios na lumilitaw sa lupa. 14 At kaniyang sinabi sa kaniya, Ano ang kaniyang anyo? At sinabi niya, Isang matandang lalake ay lumilitaw; at siya’y nabibilot ng isang balabal. At nakilala ni Saul, na si Samuel, at siya’y yumukod sa lupa, at nagbigay galang. 15 At sinabi ni Samuel kay Saul, Bakit mo binagabag ako sa aking pagahon? At sumagot si Saul, Ako’y totoong naliligalig; sapagka’t ang mga Filisteo ay nangdidigma laban sa akin, at ang Dios ay humiwalay sa akin, at hindi na ako sinasagot, kahit sa pamamagitan ng mga propeta, ni ng panaginip man: kaya tinawag kita, upang maipakilala mo sa akin kung ano ang aking gagawin. 16 At sinabi ni Samuel, Bakit nga nagtatanong ka sa akin, dangang ang Panginoon ay humiwalay sa iyo, at naging iyong kaaway? 17 At ginawa ng Panginoon ang gaya ng sinalita niya sa pamamagitan ko: at inihiwalay ng Panginoon ang kaharian sa iyong kamay, at ibinigay sa iyong kapuwa, sa makatuwid baga’y kay David. 18 Sapagka’t hindi mo sinunod ang tinig ng Panginoon, at hindi mo ginawa ang kaniyang mabagsik na galit sa Amalek, kaya’t ginawa ng Panginoon ang bagay na ito sa iyo sa araw na ito. 19 Bukod dito’y ibibigay ng Panginoon ang Israel naman na kalakip mo sa kamay ng mga Filisteo: at bukas, ikaw at ang iyong mga anak ay masasama sa akin: ibibigay naman ng Panginoon ang hukbo ng Israel sa kamay ng mga Filisteo. 20 Nang magkagayo’y biglang nabulagta si Saul sa lupa, at siya’y natakot na mainam, dahil sa mga salita ni Samuel; at nawalan siya ng lakas; sapagka’t hindi siya kumain ng tinapay buong araw, ni buong gabi man. 21 At naparoon ang babae kay Saul at nakita na siya’y totoong bagabag, at sinabi sa kaniya, Narito, narinig ng iyong lingkod ang iyong tinig, at aking inilagay ang aking buhay sa aking kamay, at aking dininig ang iyong mga salita na iyong sinalita sa akin. 22 Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo, iyong dinggin naman ang tinig ng iyong lingkod, at papaglagyin mo ako ng isang subo na tinapay sa harap mo; at iyong kanin upang ikaw ay lumakas, paglakad mo ng iyong lakad. 23 Nguni’t siya’y tumanggi at nagsabi, Hindi ako kakain. Nguni’t ipinilit ng kaniyang mga lingkod na pati ng babae; at dininig niya ang kanilang tinig. Sa gayo’y siya’y bumangon sa lupa, ay umupo sa highaan. 24 At ang babae ay mayroong isang matabang guyang baka sa bahay; at siya’y nagmadali, at pinatay niya; at siya’y kumuha ng harina at kaniyang minasa, at kaniyang niluto na tinapay na walang lebadura; 25 At kaniyang dinala sa harap ni Saul, at sa harap ng kaniyang mga lingkod; at sila’y kumain. Nang magkagayo’y sila’y bumangon, at umalis nang gabing yaon. ” (1 Samuel 28:3-25 KJV)

Ito ay totoong salaysay at nakasulat sa Bibliya upang ituro sa atin ang mga landas ng Dios at mabuksan ang ating mga mata sa katotohanan at kung anong nangyayari sa espirituwal na kalagayan.

“3 Si Samuel nga ay namatay, at pinanaghuyan ng buong Israel at inilibing siya sa Rama, sa makatuwid baga’y sa kaniyang sariling bayan. At pinalayas ni Saul sa lupain, yaong mga nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at ang mga manghuhula.” (1 Samuel 28:3 KJV) Sa ginawa ni Saul sa mga manggagaway ay tamang bagay na gawin, dahil iyon ang utos ng Dios na alisin ang lahat ng mga nagkikipagtulungan kay Satanas at gumagawa ng mga manggagaway gaya ng mababasa natin dito: **“Huwag mong babatahing mabuhay ang isang babaing manggagaway.” (Exodu 22:18 KJV)** Hindi dapat nating hayaan ang lahat ng mga

gumagawa ng pangkukulam. Ipinagbawal ng Dios ang lahat ng uri ng pangkukulam na mapabilang sa Kanyang bayan dahil itinalaga ng Dios ang iba pang mga perpektong paraan para gumawa ng isang ganap na desisyon na magpapatnubay sa atin upang malaman ang kalooban ng Dios. Kaya nga sinabi Niya: **“31 Huwag ninyong babalikan ang mga inaalihan ng masasamang espiritu ni ang mga mangkukulam: huwag ninyong hanapin na magpakahawa sa kanila: ako ang PANGINOON ninyong Dios.” (Levitico 19:31 KJV)** Dapat nating gamitin ang mga landas ng Dios na mag aakay sa atin na gumawa ng tamang desisyon. Kaya itinakda ng Dios ang kaparusahan sa mga gumagawa ng gayon at sa gayo’y mawala sila mula sa Kanyang bayan gaya ng mababasa natin dito: **“6 At ang taong magbalik sa inaalihan ng masamang espiritu at sa mga mangkukulam, upang manalig sa mga yaon ay itititig ko ang aking mukha laban sa taong yaon, at ihihiwalay ko siya sa kaniyang bayan. 27 Ang isang lalake rin naman o kaya’y ang isang babae na inaalihan ng masamang espiritu, o mangkukulam, ay papatayin na walang pagsala, sila’y babatuhin ng mga bato: mabububo ang kanilang dugo sa kanila.” (Levitico 20:6, 27 KJV)** Wala sa gayon ang kailangang na makita sa atin: **“10 Huwag makakasumpung sa iyo ng sinomang nagpaparaan sa apoy ng kaniyang anak na lalake o babae, o nanghuhula o nagmamasid ng mga pamahiin o enkantador, o manggagaway, 11 O enkantador ng mga ahas, o nakikipagsanggunian sa mga masamang espiritu, o mahiko, o sumasangguni sa mga patay. 12 Sapagka’t sinomang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumaldumal sa Panginoon: at dahil sa mga karumaldumal na ito ay pinalalayas sila ng Panginoon mong Dios sa harap mo. 13 Ikaw ay magpapakasakdal sa Panginoon mong Dios. 14 Sapagka’t ang mga bansang ito, na iyong aariin, ay nakikiniq sa kanila na nagmamasid ng mga pamahiin, at sa mga manghuhula: nguni’t tungkol sa iyo, ay hindi pumayag ang Panginoon mong Dios na gawin mo.” (Deuteronio 18:10-14 KJV)** Itataboy ng Dios ang mga bansa mula sa harap ng Kanyang bayan na gumagawa ng gayon kaya naman ayaw Niyang sundin ng Kanyang bayan ang gayong mga karumaldumal na gawain. Ang mga manggagaway ay nakikipagtulungan sa mga demonyo at kay Satanas. **Nais ng Dios na ang Kanyang bayan ay patnubayan Niya at hindi ng mga demonyo o ni Satanas. Maaaring ang mensaheng ito ang layunin nito upang ipaalam sa atin ang mga espirituwal na pag atake mula sa mga manggagaway at mula sa mga taong nagsasagawa ng pangkukulam, o upang buksan ang ating mga mata upang harapin ang mga tao sa gitna natin na gumagawa ng gayon at nagsasagawa ng gayon sa kanilang buhay.**

Si Samuel ay namatay, kaya dito wala nang impormasyon mula kay Samuel, at hindi magawang maabot ni Saul siya at magtanong mula sa kanya tungkol sa pasya ng Dios. Si Samuel ang tanging nagpahid kay Saul upang maging hari sa buong Israel, ngunit batid natin nang si Saul ay nakipagkompromiso sa utos ng Dios, at inihiwalay si Agag ang Hari ng mga Amalekita kasama ng mga mabubuting nasamsam, at tumangging sumunod sa utos upang iwasto ang kanyang sarili, iniwan siya ni Samuel at hindi na pumunta sa kanya kailanman. Ang paghihimagsik ni Saul ay gaya ng manggagaway, **“23 Sapagka’t ang panghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng panghuhula, at ang katigasan ng ulo ay gaya ng pagsamba sa mga diosdiosan at sa mga terap. Sapagka’t dahil sa iyong itinakuwil ang salita ng Panginoon, ay kaniya namang itinakuwil ka upang huwag ka nang maging hari. 35 At si Samuel ay hindi na bumalik na napakitang muli kay Saul hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan; sapagka’t tinangisan ni Samuel si Saul: at ang PANGINOON ay nagdamdam na kaniyang nagawang hari si Saul sa Israel.” (1 Samuel 15:23, 35 KJV)** Dito ngayon ay patay na si Samuel at isa pa iyan sa dapat katakutan ni Saul dahil kakailanganin niya ng payo at hindi niya alam kung saan siya dadalhin.

“4 At nagpipisan ang mga Filisteo, at naparoon at humantong sa Sunam: at pinisan ni Saul ang buong Israel, at sila’y humantong sa Gilboa. 5 At nang makita ni Saul ang hukbo ng mga Filisteo, siya’y natakot, at ang kaniyang puso ay nanginig na mainam.” (1 Samuel 28:4-5 KJV) Ngayon, dito dumating ang nakakatakot na sandali na takot harapin ni Saul; ang kaaway na papalapit sa kanya, siya ngayon ay natatakot, maging tinipon niya ang buong hukbo ng Israel siya ay may takot pa rin dahil walang sinuman sa tabi niya na magpapalakas sa kanya at gagabay sa kanya sa tamang daan at sa tamang desisyon kung ano ang kailangan niyang gawin.

“6 At nang magusisa si Saul sa PANGINOON, ay hindi siya sinagot ng PANGINOON, maging sa panaginip man, ni sa Urim man, ni sa pamamagitan man ng mga propeta.” (1 Samuel 28:6 KJV) Ngayon si Saul ay nangangailangan sa Dios, nais niyang tanungin ang Dios kung ano ang kinakailangang gawin. Hindi sumagot ang Panginoon, at ang manunulat ay inilagay sa ganitong paraan, **“ay hindi siya sinagot ng Panginoon, maging sa panaginip man, ni sa Urim man, ni sa pamamagitan man ng mga propeta.”** Sasagutin ng Panginoon sa pamamagitan ng:

1. Panaginip: Ang Dios ay nasasalita sa pamamagitan ng mga panaginip. Sa Bibliya mayroong mga panaginip na ang Dios ay nakikipag usap sa mga tao sa pamamagitan ng mga panaginip.

2. Urim: Hindi inisip ni Saul ang mga saserdote. Pinatay ni Saul ang lahat ng mga saserdote, at ang saserdote na naiwan ay tumakas palayo sa kanya at yumaon at sumama kay David, samakatuwid ay walang paraan para kay Saul na gabayan ng Urim.

3. Propeta: Hindi inisip ni Saul ang sinumang propeta, maging ang propetang si Samuel na nagpahid sa kanya na maging hari, sapagkat hindi pinakinggan ni Saul ang kanyang mga tagubilin. Malamang na hindi kinausap ng Dios si Saul dahil sinabi Niya kay Saul ang kailangan niyang malaman ngunit ayaw sumunod ni Saul, kaya para sa kung ano pa ang muling kausapin ng Dios siya? **Iyan ang magiging problema para sa mga taong walang takot sa Dios at hindi nakikinig sa katawan ni Cristo na inilagay ng Panginoon sa kanila at sa mga pinuno ng simbahan na inilagay Niya sa tabi nila. Kapag wala kang paggalang sa tagubilin na ipinapadala ng Dios sa iyo sa pamamagitan ng simbahan at katawan ni Cristo na bahagi ka kung gayon ang nangyari kay Saul ay maaaring mangyari ito sa iyo.**

“7 Nang magkagayo'y sinabi ni Saul sa kaniyang mga lingkod, Ihanap ninyo ako ng isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, upang ako'y pumaroon sa kaniya, at magusisa sa kaniya. At sinabi ng kaniyang mga lingkod sa kaniya. Narito, may isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu sa Endor.” (1 Samuel 28:7 KJV) Dito si Saul nang iwan niya ang lahat ng posibleng makadios na paraan ng pakikipag-ugnayan sa Dios, ang natitira para sa kanya ay si Satanas, mga demonyo at ang kanilang mga kinatawan; Ang mga nagsasagawa ng magic art, ang mga gumagawa ng masama, ang masasamang tao, na ang mga payo ay nagdudulot sa mga nakikinig sa impiyerno. Kapag ang paghihimagsik ay nananaig kung gayon iyon ang pangkukulam na laban sa Dios. Ang paghihimagsik ni Saul ay nagtapos sa kanya upang pumunta at humingi ng tulong sa mangkukulam, eksakto tulad ng sinabi sa kanya ni Samuel dati, **“23 Sapaqka't ang panghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng panghuhula, at ang katigasan ng ulo ay gaya ng pagsamba sa mga diosdiosan at sa mga terap. Sapaqka't dahil sa iyong itinakuwil ang salita ng Panginoon, ay kaniya namang itinakuwil ka upang huwag ka nang maging hari.” (1 Samuel 15:23 KJV)** Kapag ang mga tao ay hindi handang makinig sa Dios at makinig sa mga pinuno ng simbahan na nariyan upang tulungan sila sa kanilang desisyon, kung gayon ang natitira ay ang mali at ang mga nakakapinsalang payo na magmumula sa mga gumagawa ng masama na pinukaw ng mga demonyo at ni Satanas.

“8 At hindi napakilala si Saul, at nagsuot ng ibang kasuutan, at naparoon siya at ang dalawang lalake na kasama niya, at sila'y dumating sa babae nang kinagabihan: at kaniyang sinabi, Hulaan mo ako isinasamo ko sa iyo, sa pamamagitan ng sinasanggunian mong espiritu, at iahon mo sa akin sinomang banggitin ko sa iyo.” (1 Samuel 28:8 KJV) Makikita mo rito na siya'y nagbalat kayo dahil nahihiya siya sa ginagawa niya. Pinalitan niya ang kanyang kasuutan upang hindi siya makikilala dahil ang ginagawa niya ay kasalanan. Nahihiya siya sa mga tao na malaman na gumagawa siya ng ganon ngunit hindi siya nahihiya sa Dios. **Marami sa mga gumagawa ng kagustuhan nila, susubukan nilang magtago dahil nahihiya sila sa mga tao pero hindi sila nahihiya sa Dios. Yaong mga miyembro ng simbahan na gumagawa ng pansarili nila, magtatago sila sa namumuno ng simbahan pero hindi nila namamalayan na maingat na nagmamasid ang Dios.** Nahihiya rin si Saul sa babaeng maghuhula na matuklasan na siya'y si Saul, ngunit hindi siya nahihiya sa Dios.

Paano ka na ngayon Nais mo bang patuloy na mamuhay nang mapanghimagsik at pagtanggì sa mga itinalaga ng Dios para akayin ka sa tamang daan at sa tamang desisyon? Panahon na para magsisi ka at bumalik sa iyong katinuan. Panahon na para magsisi ka at bumalik sa simbahan at tanggapin ang tagubilin ng mga pinuno ng simbahan na tulungan kang gumawa ng tamang desisyon sa buhay. Anuman ang sitwasyon mo at ang mga problemang inilalagay mo ang iyong sarili sa Dios ay handang tulungan ka kung lalapit ka sa Kanya at sa Kanyang mga itinalaga.

Ipagpatuloy natin ang kuwento tungkol kay Saul at tingnan natin dito kung nasaan ka ngayon sa iyong espirituwal na buhay at kung nasaan ka sa paggawa ng iyong desisyon na nauukol sa mga espirituwal na pinuno na inilagay ng Dios sa iyo sa simbahan na inilagay Niya sa iyo:

“9 At sinabi ng babae sa kaniya, Narito, iyong nalalaman ang ginawa ni Saul, kung paanong kaniyang inihiwalay yaong mga nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at ang mga manghuhula, sa lupain: bakit nga ipinaglalagay mo ng silo ang aking buhay, upang ipapatay ako?” (1 Samuel 28:9 KJV) Sinabi sa kanya ng babae ang ginawa ni Saul upang alisin ang lahat ng mga manghuhula bilang mabubuting bagay na ginawa ni Saul, na inalis ang lahat ng mga gumagawa ng pangkukulam. Ipinapaalala sa kanya ang mga magagandang bagay na ginagawa niya dati, ngunit ngayon ay bumabalik siya sa mga taong iyon ng mga manghuhula at hinihiling niya sa kanila ang mga payo upang magabayan siya sa kung ano ang kailangan niyang gawin. **Nakikita mo kung paanong ang mga tumatanggi sa mga itinakda ng Dios kung ano ang mangyayari sa kanila. Samakatuwid, huwag kayong maging kabilang sa kanila.**

“10 At sumumpa si Saul sa kaniya sa pamamagitan ng PANGINOON, na sinasabi, Buhay ang PANGINOON, walang parusang mangyayari sa iyo dahil sa bagay na ito.” (1 Samuel 28:10 KJV) Dito ay nangako si Saul na poprotektahan siya. Ang masama pa rito, ipinagkatiwala ni Saul ang kanyang sarili sa kanya. Napakasakit makita ang pagkawasak ni Saul kung paanong tinawag siya ng Dios upang maglingkod sa Panginoon ngunit siya ay umalis sa mga itinalaga ng Dios, tinanggihan ang Dios, at sa huli'y natapos ang kanyang pagkawasak sa pag asa sa mga mangkukulam na gabayan siya, **“13 Sa gayo'y namatay si Saul dahil sa**

kaniyang pagsalangsang na kaniyang nagawa laban sa Panginoon, dahil sa salita ng Panginoon na hindi niya iningatan; at dahil naman na siya'y nakipagsanggunian sa masamang espiritu, upang pagsiyasatan. 14 At hindi nagsiyasat sa Panginoon: kaya't pinatay niya siya, at inilipat ang kaharian kay David na anak ni Isai.” (1 Cronica 10:13-14 KJV) Pinatay ng Dios si Saul dahil sa gayong kasalanan. Ang mga taong umalis sa simbahan dahil ayaw nilang makialam ang simbahan sa kanila at sa kanilang mga desisyon, sila ay magtatapos na malipol dahil sa kakulangan ng tamang payo at patnubay mula sa pamunuan ng simbahan.

“11 Nang magkaqayo'y sinabi ng babae, Sinong iaahon ko sa iyo? At kaniyang sinabi, Iahon mo si Samuel sa akin.” (1 Samuel 28:11 KJV) Dito pinatunayan ni Saul sa kahilingan na ito na nawalan siya ng kapulungan ng Dios nang hindi niya pinakinggan ang tagubilin ni Samuel na nagsaway sa kanya dahil sa kanyang mga kompromiso. Kaya alam ni Saul na si Samuel ang tunay na propeta ng Dios at sa pamamagitan niya ay naririnig niya ang tinig ng Dios. Sa gayong pagkumpirma ni Saul na ang sinabi ni Samuel sa kanya ay ang tunay na bagay na hindi niya pinakinggan.

“12 At nang makita ng babae si Samuel, ay sumigaw ng malakas na tinig at nagsalita ang babae kay Saul, na sinasabi, Bakit mo ako dinaya? sapagka't ikaw ay si Saul.” (1 Samuel 28:12 KJV) K Paano nangyari ito na natuklasan niya na siya si Saul? Si Saul nang hilingin niya sa babae na dalhin sa kanya si Samuel, hindi iyon magagawa ng babae, ngunit ang magagawa niya, ay tawagin ang isa sa kanyang mga demonyo na kanyang kasama, at ang demonyong iyon ay magpanggap na siya ay si Samuel. Nang umakyat ang demonyo at ipakita ang kanyang sarili sa babae sa anyo ni Samuel, ipinaalam sa kanya ng demonyo na ang lalaking humiling sa kanya na gawin ito ay si Haring Saul. Kaya naman natakot siya, sumigaw ng malakas, at tinanong si Saul kung bakit niya ito nilinlang at hinarap siya. Nalinlang si Saul sa pag aakalang hindi na niya maabot muli ang Dios at hindi niya namamalayan na ngayon ay inakay siya ng mga demonyo na mas magkasala sa Dios. **Yaong mga umalis sa simbahan at sa tamang landas ng Dios, sila ay nasa panganib at lubos na madaling kapitan na akayin ng masasamang espiritu, ang mga demonyo, upang iligaw sila nang higit pa, upang magkasala nang higit pa laban sa Dios.**

“13 At sinabi ng hari sa kaniya, Huwag kang matakot: sapagka't anong iyong nakikita? At sinabi ng babae kay Saul, Aking nakikita'y ang mga dios na lumilitaw sa lupa.” (1 Samuel 28:13 KJV) Muli tiniyak ni Haring Saul sa kanya, hindi dapat matakot, at muli dito ipinakita ni Saul ang kanyang mga kompromiso at ang kanyang paglisan sa Salita ng Dios at sa kalooban ng Dios. Pagkatapos ay tinanong niya ang babae kung ano ang nakikita nito, at sinabi nito sa kanya, **“Aking nakikita ang mga dios na lumilitaw sa lupa.”** Ang ibig sabihin ng mga dios ay ang mga demonyo na tinatawag niya, at sila ay nagbalatkayo sa pananamit at ipinakita ang katulad ng taong hiniling ni Saul na makita. Ganito ang gawain ng mga may pamilyar na espiritu; Ginagawa ng Espiritu ang sarili nito na katulad ng taong hiniling na lumitaw.

“14 At kaniyang sinabi sa kaniya, Ano ang kaniyang anyo? At sinabi niya, Isang matandang lalake ay lumilitaw; at siya'y nabibilot ng isang balabal. At nakilala ni Saul, na si Samuel, at siya'y yumukod sa lupa, at nagbigay galang.” (1 Samuel 28:14 KJV) Dito ay lubos na sumuko si Saul sa pangunguna ng mga demonyo, at nagtiwala siya sa panglilinlang ng babaeng nagsasabi sa kanya ng lahat ng kasinungalingan. Humanga siya sa pekeng paglalahad nito nang ilarawan nito sa kanya ang itsura ni Samuel gamit ang kanyang kasuotan. Yumuko siya sa harap ng demonyo, na lalo pang nanlinlang kay Saul. **Napakalungkot makita ang mga taong hindi tumatanggap ng kapulungan ng Dios na ibinigay sa kanila ang mga pinuno ng simbahan, ngunit hanga sila sa pakikinig sa mga gumagawa ng masasama na nagliligaw sa kanila. Tumanggi si Saul na makinig kay Samuel ngunit ngayon ay nakikinig siya sa isang manghuhula; na talagang mapanghimagsik.**

“15 At sinabi ni Samuel kay Saul, Bakit mo binagabag ako sa aking pagahon? At sumagot si Saul, Ako'y totoong naliligalig; sapagka't ang mga Filisteo ay nangdidigma laban sa akin, at ang Dios ay humiwalay sa akin, at hindi na ako sinasagot, kahit sa pamamagitan ng mga propeta, ni ng panaginip man: kaya tinawag kita, upang maipakilala mo sa akin kung ano ang aking gagawin.” (1 Samuel 28:15 KJV) Ang natitirang palabas sa pagitan ng demonyo at ni Saul ay nagpatuloy sa ilalim ng pangangasiwa ng manghuhulang babae. Nagpanggap talaga ang demonyo na siya si Samuel at nagsalita nang malupit kay Saul. Ipinagtapat ni Saul sa demonyo ang lahat ng dinadaan niya mula sa kapighatian, ang digmaang ginagawa ng mga Filisteo, at kung paano siya iniwan ng Dios sa hindi pagsagot sa kanya sa pamamagitan ng mga propeta, o panaginip, at iyon ang dahilan kung bakit napilitan siyang tawagin ang espiritu ni Samuel sa buhay. Nagtiwala si Saul sa manghuhula at sa demonyong nagsasalita sa kanya. Ipinaalam niya sa mga ito ang buong buhay niya. **Ang mga taong umalis sa tamang daan at sa simbahan na nagpapayo sa kanila na gawin ang tama ay magtatapos sa mga demonyo at masasamang espiritu na niloloko sila at nililigaw nang mas malayo sa Dios.** Si Saulo ay talagang lubos na nanlilinlang at hindi niya namamalayan na siya ay napaligiran ng mga demonyo na nagmamadaling lumapit upang linlangin siya nang higit pa at upang akayin siya sa kamatayan. **Ito ang mangyayari sa mga taong iniwan ang simbahan at iniwan ang mga hinirang ng Dios upang turuan sila at pamunuan sila**

“16 At sinabi ni Samuel, Bakit nga nagtatanong ka sa akin, dangang ang PANGINOON ay humiwalay sa iyo, at naging iyong kaaway?” (1 Samuel 28:16 KJV) Ang demonyo upang linlangin pa si Saul sinabi niya kay Saul na iniwan siya ng Dios, at naging kaaway niya. Lahat ay kasinungalingan para matapos ang kanyang buhay. Iginiit pa ng demonyo na siya si Samuel, at ang kanyang inihula noon, ngayon ay tinutupad ng Panginoon, **“17 At ginawa ng Panginoon ang gaya ng sinalita niya sa pamamagitan ko: at inihwalay ng Panginoon ang kaharian sa iyong kamay, at ibinigay sa iyong kapuwa, sa makatuwid baga’y kay David. 18 Sapagka’t hindi mo sinunod ang tinig ng Panginoon, at hindi mo ginawa ang kaniyang mabagsik na galit sa Amalec, kaya’t ginawa ng PANGINOON ang bagay na ito sa iyo sa araw na ito.” (1 Samuel 28:17-18 KJV)** Iyon ang sinabi ng demonyo kay Saul tungkol sa ginawa ng Dios sa kanya at kung paano Niya inalis ang Kaharian sa kanya at inilipat ito kay David, at ang dahilan sa likod nito ay tama. Ngunit ang karagdagang sinabi ng demonyo ay lubos na kasinungalingan upang iligaw si Saul. **“19 Bukod dito’y ibibigay ng Panginoon ang Israel naman na kalakip mo sa kamay ng mga Filisteo: at bukas, ikaw at ang iyong mga anak ay masasama sa akin: ibibigay naman ng Panginoon ang hukbo ng Israel sa kamay ng mga Filisteo.” (1 Samuel 28:18-19 KJV)** Ang sinabi ng demonyo, ay hindi lamang lubos upang panghinaan ng loob si Saul, kundi pati na rin upang akayin pa siya sa pagkalipol. Ang demonyo ay nagbigay ng palagay kay Saul na ayaw na sa kanya ng Diyos at lubos na itinakwil ng Dios kaya lalo pa niyang itutulak palayo sa Diyos. *** Hindi binigyan ng demonyo ng pag-asa si Saulo na kung magsisisi siya ay maliligtas siya at makakabalik sa Dios. * Bakit natin sinabing mensahe ito mula sa demonyo at hindi mula sa Dios? Dahil walang salitang pagsisisi dito.** Sinabi ng demonyo kay Saul, **“at bukas, ikaw at ang iyong mga anak ay masasama sa akin”:** Iyon ay isa pang kasinungalingan na sinabi ng demonyo kay Saul; dahil ang sinabi niya sa kanya ay kung siya ay mamamatay ay doon siya sa paraiso. Maaari ninyong itanong kung paano ito mangyayari? Totoo, hindi ito maaaring mangyari! Hayaan mo akong ipaliwanag ito sa iyo. Dahil kung itong si Samuel, siya ay nasa sinapupunan ni Abraham na siyang paraiso para sa mabubuti; sa gayo’y lalo pang niloloko ng demonyo si Saul at tinitiyak sa kanya ang magandang katapusan kung siya ay mamamatay. Ngunit ang katotohanan ay kung si Saul ay mamamatay nang walang pagsisisi sa labanan kung gayo’y siya ay nasa impiyerno at yaon kung saan ang mga demonyo ay matatagpuan, at hindi niya makakasama si Samuel. Ang mensahe ng demonyo ay isang mapanlinlang na mensahe at isang panlilinlang kay Saulo upang dalhin siya sa impiyerno. **Nakikita mo dito, kung ikaw ay mapasama sa maling mga tao, hindi lamang sila ang magliligaw sa iyo, kundi dadalhin ka pa sa impiyerno.**

Mas nalungkot si Saulo matapos ang mensaheng natanggap niya mula sa demonyo. **“20 Nang magkagayo’y biglang nabulagta si Saul sa lupa, at siya’y natakot na mainam, dahil sa mga salita ni Samuel; at nawalan siya ng lakas; sapagka’t hindi siya kumain ng tinapay buong araw, ni buong gabi man.” (1 Samuel 28:20 KJV)** Kaya naman kapag ikaw ay nasa problema, mas kailangan mong bumalik sa Dios at isuko ang iyong buhay sa Kanya at sa mga pinuno ng simbahan na inilagay ng Dios para sa iyo, at nagbabantay sa iyong kaluluwa.

“21 At naparoon ang babae kay Saul at nakita na siya’y totoong bagabag, at sinabi sa kaniya, Narito, narinig ng iyong lingkod ang iyong tinig, at aking inilagay ang aking buhay sa aking kamay, at aking dininig ang iyong mga salita na iyong sinalita sa akin. 22 Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo, iyong dinggin naman ang tinig ng iyong lingkod, at papaglagyin mo ako ng isang subo na tinapay sa harap mo; at iyong kanin upang ikaw ay lumakas, paglakad mo ng iyong lakad. 23 Nguni’t siya’y tumanggi at nagsabi, Hindi ako kakain. Nguni’t ipinilit ng kaniyang mga lingkod na pati ng babae; at dininig niya ang kanilang tinig. Sa gayo’y siya’y bumangon sa lupa, ay umupo sa higaan. 24 At ang babae ay mayroong isang matabang guyang baka sa bahay; at siya’y nagmadali, at pinatay niya; at siya’y kumuha ng harina at kaniyang minasa, at kaniyang niluto na tinapay na walang lebadura; 25 At kaniyang dinala sa harap ni Saul, at sa harap ng kaniyang mga lingkod; at sila’y kumain. Nang magkagayo’y sila’y bumangon, at umalis nang gabing yaon.” (1 Samuel 28:21-25 KJV) Tingnan ang babae dito, kung paano siya’y nakikipagtulungan sa demonyo upang sirain ang buhay ni Saul. Siya ay tulad ng kanyang demonyo, hindi niya kailanman hiniling kay Saul na magsisi, ngunit ang iniisip lamang niya ay may kakainin siya. Hindi niya hihilingin sa kanya na magsisi, dahil kung magsisisi siya ay kailangan niyang patayin ito.

Pati na rin ang kanyang mga lingkod ay hindi sila kailanman nag aalala tungkol sa espirituwal na aspeto para sa buhay ni Haring Saul. Hindi nila siya pinayuhan kailanman na magsisi at magsimulang hanapin ang Dios at gawin ang tama. Tiyak na may mga propeta sa paligid ni Saulo noong panahong iyon, hindi siya pinayuhan ng kanyang mga lingkod na pumunta at magtanong sa Dios mula sa isa sa kanila. **Ang ilang mga tao sa paligid mo sila ay nag aalala lamang tungkol sa kung ano ang iyong kinakain at kung ano ang iyong iniinom, sila ay nag aalala tungkol sa iyong mga pangangailangan sa laman, ngunit hindi sila nag aalala tungkol sa iyong espirituwal na kalagayan. Hindi ka nila papayuhan ng tamang bagay na dapat gawin upang bumalik sa Dios at magsisi sa iyong mga kasalanan, at hindi ka gagabayan kung paano ito gagawin. Sa halip ay ipapakita nila sa iyo ang maling pag ibig at linlangin ka sa pamamagitan ng mga pagtitipon, at emosyonal na pagpapapuri, samakatuwid kailangan mong magkaroon ng kamalayan tungkol doon. Yaon ang mga taong napaka maling tao na kailangan mong iwan.**

Sa aking mahal at minamahal: Lumapit ngayon sa Panginoon upang magsisi at bumalik sa tamang daan na nais ng Dios na mapasa. Panahon na para iwan mo ang masasamang tao at bumalik sa simbahan at sa mga pinuno ng simbahan na inilagay ng Dios para sa iyo upang gabayan ka at tulungan kang gumawa ng tamang desisyon na nais ng Dios na gawin mo. Lumayo sa mga demonyo at sa kanilang mga kasinungalingan. Lumayo sa gayong uri ng mga tao na nagmamalasakit lamang sa iyong mga pangangailangan sa laman ngunit hindi nag-aalala tungkol sa iyong tunay na pangangailangan ng pagsisisi at pagbabalik sa Dios. Mahal ka pa rin ng Panginoon at nais Niyang bumalik ka sa Kanya. Bumalik ka sa simbahan ng Dios at simulan mong sundin ang mga tagubilin ng Panginoon. Hinihintay Niya ang iyong pagbabalik sa Kanya at sa Kanyang simbahan.

Tayo ay manalangin.

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa turo na natanngap ko sa mensaheng ito na nagbibigay daan sa akin upang makita ang tunay na labanan laban kay Satanas at sa mga demonyo nito at ang natitirang bahagi ng kanilang mga paraan.

Panginoon dalangin ko sa mga taong malayo sa iyo at malayo sa iyong simbahan; Ipahayag ang iyong sarili muli sa kanila, at bigyan sila ng pag-asa na iniibig mo sila upang sila ay mapalaya mula sa lahat ng mga epekto ng mga demonyo. Satanas at mga demonyo ay sinasaway ko kayo sa pangalan ni Jesus. Wala kang kapangyarihan sa mga tupa ni Jesus, ang duho ni Jesus ay laban sa iyo, palayain mo sila ngayon mismo sa pangalan ni Jesus, Amen. Panginoon dalangin ko na ibalik mo ang mga taong lumayo at ipakita mo ulit sa kanila ang iyong pagibig at awa at ibalik sila sa iyo at sa iyong bahay.

Talikuran at pagsisihan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa pagiging pakikisama sa mga di-mananampalataya at paghingi ng mga payo at konseho sa kanila. Magsisi sa kapalaluan, paggawa ng sariling kalooban, pagiging malaya at hindi handang magpakumbaba at lumapit at humingi ng tulong at payo sa simbahan at sa mga pinuno ng simbahan. Iwaksi ang lahat ng iyong mga kompromiso, at ang iyong paglabag sa Salita ng Dios. Panginoon nagsisisi ako sa lahat ng mga kasalananang ito _____, ako ay bumabalik sa iyo at sa iyong simbahan, Panginoon patawarin mo ako sa aking mga kasalanan, nagsisisi ako mula sa lahat ng ito.

Panginoon hinihiling ko sa iyo na gabayan mo ako at gabayan sa paglutas ng problemang ito _____. Panginoon maawa ka sa akin, iligtas mo ako at ilabas mo ako sa sumusunod na patibong na mahuhulog ako.

Panginoon salamat sa lahat ng mga kapatid ko na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nagpakumbaba at bumalik sa iyo at sa iyong simbahan. Panginoon maawa kayo sa kanila; ibalik sa kanila ang lahat ng kanilang mga pagkawala, bigyan sila ng pakiramdam ng direksyon, bigyan sila ng lakas at patnubayan kami upang turuan sila at tulungan silang bumalik sa paraan na kailangan nilang kunin upang magpatuloy upang mabuhay para sa iyo at upang maglingkod sa iyo.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming patuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong kalooban. Panginoon patnubayan kami na payuhan ang iyong bayan sa iyong kalooban at ibalik sila sa paraang itinakda mo para pagdaanan nila. Panginoon protektahan mo kami at ibigay ang lahat ng aming pangangailangan upang patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaoob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at maglingkod sa iyo, mag-ewangelio, gumawa ng bagong mga alagad, magsanay ng bagong mga manggagawa, at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 7. I Samuel 28:3-25. Exodo 22:18. Levitico 19:31. Levitico 20:6, 27. Deuteronomio 18:10-14. 1 Samuel 15:23, 35. 1 Cronica 10:13-14.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com